RESOLUSYON BLG.22

Ang Sangguniang Bayan ng Bulalacao sa mungkahi ni Kagawad Ulpiano C. Pandino, at pinangalawahan ni Kagawad Amparo S. Gregorio,

PINAGTIBAY ANG SUMUSUNOD NA KAUTUSAN:

KAUTUSAN BLG. 7

ORDINANCE NO

NA NAGBABAWAL SA SINO MANG TAO O MGA TAO NA MAY PAKABIT NA TUBO O GRIPO NA MAG LAGAY NG ANO MANG BAGAY O HARANG SA ILALIM NG KANILANG TUBO UPANG MAPALAKAS ANG KANILANG TUBIG AT MAGBIBIGAY NG MULTA AT PARUSA SA PAG LABAG NITO

SAPAGKAT, napagalaman ng Punong Bayan, na mayroong mga bagay o bakal na linalagay sa tubo ng tubig sa mga may ari ng tubo o gripo upang mapalakas ang daloy nito;

SAPAGKAT, maraming mga naninirahan sa bayang ito ang nagririklamo dahil sa kakulangan ng tubig dito sa ating bayan;

SAPAGKAT, upang mahadlangan ang paglagay ng tinatawag na "Illegal Connections" katulad ng mga nabanggit sa itaas nito, Ang Sangguniang Bayan ay nag oorder ng mga sumusunod:

SEKSYON 1- Mahigpit na ipinagbabawal sa sino mang tao o mga tao na maglagay ng ano mang bagay o harang sa kanilang tubo or gripo upang harangin ang pag daloy ng tubig sa buong bayan at sa gayo'y mapalakas ang kanilang sariling tubig;

SEKSYON 2- Mahigpit ding ipinagbabawal sa mga ikinauukulan na magkabit ng tubo sa mainline, maliban sa Municipal Pluber ng bayang ito upang maiwasan ang paglagay ng ano mang bagay katulad ng mga nabanggit sa itaas;

SEKSYON 3- Ang sino man ang mag labag ng kautusang ito, ay magmumulta ng ₱50.00 hanggang ₱200.00 at mamimilanggo ng 10 araw hanggang sa 30 araw o' alin man sa pasyia ng Hukuman;

SEKSYON 4.- Kautusan o mga kautusang salungat sa kautusang ito, ay pinawawalan na ng bisa;

SEKSYON 5.- Ang Kautusang ito ay magkakaroon ng bisa matapos ito pinagtibay;

Scanned with CamScanner

There having no other business to be transacted so on motion of Hon. Amparo S. Gregorio, seconded by Hon. Manuel G. Merlin, the session was adjourned at 12:00 AM.

HON. LAZARO P. VIZCONDE
Vice Mayor/Presiding Officer

HON. ELPIANO C. PANDINO
Member

HON. JUANITA T. AMPARO
Member

HON. WILFREDO F. EMBILE
Member

HON. AMPARO S. GREGORIO
Member

HON. FRANCISCO J. PANDINO
Member

HON. PERPETUO C. CANTOS
Member

HON. MANUEL G. MERLIN
Member

EDUARDO A. BURUANGA
SB Secretary

Scanned with CamScanner